

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Buwan ng Kasaysayan ng mga Black

BRAMPTON, ON (Enero 28, 2022) – Sa buwan ng Pebrero, ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Buwan ng Kasaysayan ng mga Black at pinapugayan ang maraming ambag at mga tagumpay ng komunidad ng Black sa Brampton, sino, sa buong kasaysayan, ay nakagawa ng napakalaki para gawin ang Lungsod ng Brampton na pwedeng matitirhan, compassionate at masaganang lungsod tulad ng kung ano ito ngayon. Ang buwan ng Pebrero ay magiging hitik sa personal at online na mga event.

Pagtataas ng Watawat sa Buwan ng Kasaysayan ng Black

Ken Whillans Square
Pebrero 1, 12 pm

Ang Pan-African Flag ay itataas bilang kahulugan ng pagsisimula ng buwan at mananatili sa loob ng kabuuang buwan ng Pebrero.

Black Business Artisan Market – Reveiller Afriq

Bramalea City Centre
Pebrero 8 at 9, 10 am – 8 pm

Suportahan ang lokal na mga negosyo na pag-aari ng mga Black, mga tagagawa at artisan nitong dalawang araw na personal na karanasan sa pamilihan, sa pakikipagtulungan ng Bramalea City Centre. Hanapin ang pop-up sa ikalawang palapag ng Best Buy entrance.

Lingguhang Serye ng Performance

Mga gabi ng Martes, 8 – 10 pm
rosetheatre.ca

Mag-enjoy sa nakakaaliw na serye ng online na mga performance para ipagdiwang ang kasaysayan ng Black bawat Martes sa buong buwan. Ila-livestream ang mga performance mula sa Rose Theatre stage.

- Pebrero 1: DJ Versus Battle na nagtatampok kay DJ Allan at DJWHATSNEXT
- Pebrero 8: Live performance na curated ng Off the Record kasama si Shade Waheed
- Pebrero 15: Isang performance ni Des McKenzie sa pakikipagtulungan ng [ACCIDA](#)
- Pebrero 22: Isang performance ni Travis Knights sa pakikipagtulungan ng [ACCIDA](#)

Lingguhang Lunch'n'Learns

Bawat Miyerkules, 12 – 1 pm

Sumama sa [MOYO Health & Community Services](#) para sa lingguhang pang-edukasyong sesyon. Kabilang sa mga paksa ang:

- Pebrero 2: Introduksyon sa ABR, Intersectionality, Power at Privilege,

- Pebrero 9: Pagsuporta sa mga Babaeng Black
- Pebrero 16: Pagsuporta sa mga Black na 2SLGBTQ+ mga indibidwal
- Pebrero 23: Pagpupugay sa Kahusayan ng Black

Black History Month Experience Box

Bumabalik sa taon na ito ang kilalang Experience Box. Ang limitadong edisyon na mga ito, curated gift boxes na nagtatampok ng mga produkto at serbisyo mula sa lokal na mga negosyo na pag-aari ng Black. Ang lahat ng box ay kabilangan ng:

- [AuxGod Music Battle Card Game](#)
- Lavendula at Tea Tree Oil Body Scrub ng [Sugar Plum Scrubs](#)
- *Disorientation* ng Arts Walk of Fame Inductee na si [Ian Williams](#)
- At mas marami pa!

Ang mga box ay ihahatid sa unang 50 katao na nakakagawa ng pangkawang-gawang donasyon na kahit \$20 sa [Restoration and Empowerment for Social Transition](#) o (R.E.S.T.), isang organisasyon na nagpapalakas sa mga Black.

Wellness Moments

Sumama sa katutubo ng Brampton at hinahangaang yoga instructor na si Matthew Bonas para sa lingguhang wellness moments kabilang ang couples fitness at yoga. Available bawat linggo ang bagong klase.

Black Artists Live Here Digital Exhibition

Garden Square

Ipinipresenta ng [ACCIDA](#)

Ipinipresenta ng Arts, Culture and Creative Industry Development Agency (ACCIDA) ang *Black Artists Live Here*, isang PIXEL Digital Screen Exhibition sa 24' LED screen sa Garden Square na nagtatampok sa gawa ng walong local na mga artist, mga creative at collectives mula Pebrero hanggang Mayo 2022.

Salamat sa mga isponsor ng event na Algoma University, Brampton Real Estate Board at Sun Life para sa kanilang malaking suporta.

Para sa mas maraming impormasyon sa mga kaganapan sa Buwan ng Kasaysayan ng Black, brampton.ca/bhm2022

Mga Quote

“Sumama sa amin sa pagdiriwang sa Buwan ng Kasaysayan ng Black para kilalanin at parangalan ang mahalagang trabaho, talento at kontribusyon ng Mga Kasapi ng Komunidad ng Black sa Brampton. Ang kultural na diversity ng Brampton ang nagpapa-espesyal sa lungsod na ito, at mahalagang kilalanin natin ang ating kasaysayan at komunidad para patuloy tayong lalago at uunlad bilang isang lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang komunidad ng Black sa Brampton ay isang mahalagang parte ng masiglang mosaic at lokal na identidad ng lungsod. Hinihikayat ko ang lahat na mas matuto pa tungkol sa kultura ng Black na meron tayo sa magandang lungsod na ito at sumali sa amin sa pagdiriwang sa Buwan ng Kasaysayan ng Black. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman sa ating mga sarili at pagkonekta bilang isang komunidad na maitatakda natin ang ating mga sarili para sa mas malakas na lungsod sa hinaharap.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

"Ang Buwan ng Kasaysayan ng Black ay isang taunang paalala ng mahalagang mga papel na meron ang komunidad ng Black sa ating masiglang lungsod at landscape ng ekonomiya. Ikinagagalak ko na ang Lungsod ng Brampton ay bahagi ng promosyon ng mga napagtagumpayang ito para kilalanin ang matagal nang suporta ng komunidad ng Black. Sumama sa amin sa buong buwan na haba para matuto, kumonekta at magdiwang.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay tunay na isang mosaic kung saan ang kasaganaan ng kultura, inobasyon, diversity at talent ay isang magandang halimbawa ng pandaigang village na nagpapaangat at nagdidiriwang sa pagiging walang katulad ng isa’t isa at mga kontribusyon. Napakahalaga na ipagdiwang ang Buwan ng Kasaysayan ng Black para bigyang kaalaman ang mga bata pang henerasyon, at ibigay ang kaalaman tungkol sa maraming kontribusyon ng komunidad ng Black sa Canada sa loob ng mga dekada.”

- *Michele Byrne, Manager, Equity Office*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca